# USAPANG PAMILYA

Small Group Study Guide

## Part 3: Ang Walang Asawa

### PANIMULA

1. *Balikan ang nakaraang dalawang aralin tungkol sa pag-aasawa at mga malalaking problemang maaaring harapin ng mag-asawa sa relasyon nila. Sa tingin mo, gaano ka-risky (pakikipagsapalaran) ang pag-aasawa? Kung may-asawa ka, ano ang pinanghihinayangan mo dahil nag-asawa ka? Kung wala ka pang asawa, anu-ano ang kinatatakutan mong mangyari?*

Nakita ng mga tagasunod ni Jesus na ganito nga kaseryoso, kahirap, at kadelikado ang pag-aasawa. Kaya nasabi nila sa Mateo 19:10, *"Kung ganyan po ang kalagayan ng lalaki sa kanyang asawa [napakahirap, wala nang kawala!], mabuti pang huwag nang mag-asawa"* (v. 10 MBB). Bakit nila nasabi iyon? Kasi nga, narealize nila ang sinasabi ng Panginoon sa taas ng standard ng Diyos sa mag-asawa. Maganda ang disenyo ng Diyos rito. Pero alam nating dahil sa tigas ng puso ng tao, nababaluktot natin ang magandang disenyo ng Diyos. Ngayon titingnan natin kung mas mainam bang may asawa o wala. O may bagay bang mas mahalaga kaysa sa usaping pag-aasawa at hindi pag-aasawa? Basahin ang Mateo 19:10–12.

## PAGSASALIKSIK

2. *Mabuti ang pag-aasawa. Ayon sa Genesis 1:28; 2:18; 1 Corinto 7:2- 5, 9, 36, anu-ano ang kainaman ng pag-aasawa o bentahe nito sa mga walang asawa?*

3. *Ayon sa 1 Corinto 7:7-8, 26-28, 32, 38, anu-ano naman ang kainaman ng hindi pag-aasawa o bentahe nito kung ikukumpara sa mga may asawa na?*

4. *Ano sa tingin mo ang mas pinapahalagahan ng kultura natin bilang mga Filipino—yung pag-aasawa o yung pananatiling single? Anu-ano ang karaniwang sinasabi ng iba kapag ang isang tao ay tumatandang hindi pa nakakapag-asawa? Maganda ba o hindi? Bakit kaya ganito ang pag-iisip ng maraming tao?*

5. *Ayon sa Mateo 19:11, bakit natin masasabing ang pag-aasawa ay hindi para sa lahat? Iugnay ito sa sinasabi ni Pablo sa 1 Corinto 7:7, 17. Ayon sa mga talatang ito, kanino nakasalalay ang desisyon sa pag-aasawa? Bakit sa tingin mo maraming kabataan ngayon ang hindi ganito ang pananaw?*

6. *Ang pangunahin sa buhay ay hindi kung mag-aasawa o hindi, kundi kung paano mamumuhay para sa Diyos at ayon sa kalooban ng Diyos, may asawa man o wala. Kung isasaalang-alang natin ang ganitong prinsipyo, paano sa tingin mo ito makakaimpluwensiya sa iyong buhay may-asawa o buhay single?*

7. *Basahin ang Mateo 19:12. Limang beses ginamit ang salitang "eunuko"[3] sa salin ng Ang Biblia ngunit hindi ito makikita sa MBB. Tumutukoy ito sa mga lalaking hindi nag-asawa. Ayon sa talatang ito, ano ang tatlong klase ng "eunuko"? Ayon sa pangatlo, ano ang pinakamainam na dahilan ng hindi pag-aasawa?*

8. *Ano ang ipinapakita nitong pinakamahalaga sa buhay ng isang tao, kahit single pa siya? Basahin din ang Genesis 1:26–27.*

9. *May mga single na hindi masaya dahil hindi pa sila nakakapag-asawa. Meron din namang mga iniwan o namatayan ng asawa. Ano ang puwede mong maipayo sa kanila batay sa mga salita ng Panginoong Jesus?*

---

[3] Para sa maraming Judio, ang pag-aasawa ay isang obligasyon, para tuparin ang tagubilin ng Diyos, "Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami" (Gen. 1:28). Para sa kanila ang hindi mag-asawa at magkaanak ay pagsuway sa malinaw na utos ng Diyos (*International Standard Bible Encyclopedia*, 2:201). Kabilang sa mga ito ang tinatawag nilang "eunuko" (limang beses na ginamit sa Mateo 19:12, hindi makikita sa salin ng MBB). Ang literal na kahulugan nito ay isang lalaking pinutulan ng ari para hindi makapag-asawa o magkaanak. Ang ilan sa kanila ay may mataas na posisyon sa gobyerno tulad ng nakatagpo ni Felipe na eunukong naglilingkod sa reyna ng Ethiopia (Gawa 8). Marahil may mga eunuko na naninilbihan kay Haring Herodes. At para sa maraming Judio (tulad din ng ibang lahi) sila ay isa sa mga pinakamababang uri ng tao at wala silang karapatan na manguna sa kanilang bansa (*Exegetical Dictionary of the New Testament*, 2:81). Kaya nagamit ng Panginoon ang mga eunuko na ilustrasyon dito.

## PAGSASABUHAY

10. *Sa nakaraang tatlong pag-aaral tungkol sa pag-aasawa, ano ang pinakamahalagang bagay ang nakita mo na sinasabi ng Diyos sa iyo (may asawa ka man o wala o naghihintay ng mapapangasawa)?*

11. *Anong klaseng commitment ang nais ng Diyos na gawin mo para makapamuhay ayon sa kanyang kalooban, sa kanyang layunin, at para sa kanyang karangalan sa iyong buhay may-asawa o buhay single? Magbanggit ng mga specific na gagawin ukol dito.*

## BUOD NG PAG-AARAL

Ang pananatiling tapat sa buhay may-asawa ay kailangan ng katiyagaan. Ang pananatiling walang asawa, na banal at masaya, ay kailangan din ng katiyagaan. Pero nangako ang Panginoon na mayroong lakas at pagpapala para sa sinumang itinalaga ang kanilang buhay (may asawa man o wala) na siya lang ang susundin at mamumuhay para sa kanyang layunin at karangalan.